

TALIPAPÂ:

Antolohiya ng mga Tulâng Pambatà

Inedit nina
R.B. E. Abiva at Ruth C. Alfonso



Karapatang-ari © 2023 ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC)
at ng mga kontribyutor

Nalathala sa suporta ng mga sumusunod:



Inedit nina *R.B. E. Abiva at Ruth C. Alfonso*

Reserbado ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring gamitin kapag walang pahintulot mula sa pabliser at sa may hawak ng karapatang-ari, maliban kung kailangang sipiin sa pagsusuri at pagsasaliksik pang-akademya.

Disenyo ng pabalat: *Joshua Ivan Fernando*

Disenyo ng aklat: *R.B. E. Abiva*

Imahen sa pabalat: *Ivy Clarisse G. Tique*

Mga larawang ginamit: *Likhang sining ng mga mag-aaral ng Talipapa
Elementary School*

Para sa karagdagang detalye at katanungan hinggil sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC), malayang makipag-ugnayan sa mga sumusunod:
<https://www.facebook.com/MVGFCI>
mvgfcinc@gmail.com

Unang Lathala (Anyong Pisikal)



Abril 2023

Brgy. Bucal, Tanza


Lalawigan ng Cavite

Republika ng Filipinas

The National Library of the Philippines CIP Data Recommended Entry:
TALIPAPÂ: Antolohiya ng mga Tulâng Pambatâ/ Inedit nina R.B. E. Abiva at Ruth C. Alfonso
Manila City: NLSPC, c 2023
I.V
1. Contemporary Philippine Poems/ Childrens Literature/ Regional Literature
ISBN: 978-621-8194-47-2

TALIPAPÂ: Antolohiya ng mga Tulâng Pambatâ

Olavie Dain B. Kelua
VI-Jeremjah



TALIPAPÂ:

Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà



William R. Ferry
Wilmington

PAGBATI AT MENSAHE

Ako po si Dr. Joseph L. Gallego, lingkod ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC) dito sa Siyudad ng Cabanatuan, Nueva Ecija.

Buong-puso kong binabati ang lahat ng mga nag-ambag ng kanilang panahon, talino, at puso sa mga palihan na isinagawa sa inyong paaralan, lalong-lao na ang mga mag-aaral ng Talipapa Elementary School, na nagresulta sa pagkakabuo at pagkakalimbag ng isang aklat ng mga tulang pambata.

Ang librong "*TALIPAPÂ: Antolohiya ng mga Tulâng Pambatà*" ay naglalaman ng mga malikhaing talent at artistikong ekspresyon ng mga mag-aaral sa Talipapa. Sinasalamain ng kanilang mga tula at sining kung paano nila binigyan at binibigyan ng kahulugan ang mundong kanilang ginagalawan. Ipinapasilip nila sa atin ang kanilang mundo- isang mundo kung saan puno ito ng kasiyahan at pag-asa sa hinaharap.

Lubos din ang aking pasasalamat kay Kapitana Mirasol Dela Cruz sampu ng kaniyang mga kagawad, kay G. R.B. E. Abiva at Dr. Ruth C. Alfonso ng Institute of Teacher Education (ITE), kay Gng. Maria Victoria Victa, RSW ng Office of Community Extension and Outreach Program (CEOP), at sa lahat ng samahang hindi nag-atubiling maghandog ng kanilang biyaya para maisakatuparan ang paglilimbag ng aklat na ito- isa itong panghabambuhay na pamana sa kaisipan at malikhaing ekspresyon ng sunod na salinlahi ng ating bansa.

Maraming salamat at mabuhay po kayong lahat!

ILANG KOMENTO NG PUNONG PATNUGOT

“May umaga na

Laging gabi

Sa mata ng aking kukote

Sa mata ng ating kukote

Gaano man kadilim

Magliliwanag pa rin.”

- Dong Abay, sipi mula sa awit na Kukote (2006)

Hindi biro ang maglunsad ng palihang nakatuon sa panitikang pambata. Sensitibong bagay at usapin ito. Maselan kumbaga sapagkat kinakailangang may sensibilidad ang taong maglulunsad ng pagsasanay hanggang sa umabot ito sa lebel ng publikasyon. Kaya naman, maingat dapat hindi lamang sa salita kundi sa pedagohiyang gagamitin kasama na ang lente sa pampanitikang kritisismo at iba pang kapamaraan. Bakit? Sapagkat espesyal ang panitikang pambata. Hindi ito kasing-simple ng isang kurso sa kolehiyo. Iba ang lapit at latag sa loob ng akademya kung ikukumpara sa larang ng direktang praktika.

Sa loob ng sampung taon ko sa mundo ng panitikan, ito ang ikalawang pagtatangka ko na makabuo ng isang aklat na naglalaman at nagtataguyod ng panitikang pambata- ang una’y sa isang proyekto ng Samahang Lazaro Francisco noong 2020 bago ang pandemya. Bakit pagtatangka? Sapagkat dito sa ating rehiyon, kakaunti lamang ang nagsusulat at naglalathala ng mga akdang pambata at sinulat mismo ng isang bata. Ang mga librong ating nababasa mula sa impresa at pondo ng Adarna House at Lampara ay kinatha ng mga nasa edad 18 pataas. Sa usapin ng sikolohiya, medyo iskeptiko ako na matapat nilang nabalikan ang kanilang kabataan. Bakit? Usapin kasi ito ng karanasan. Kumbaga’y hindi kayang dayain ng isang matanda ang kamusmusan ng isang bata.

Nilinaw na ito ni Antoine de Saint Exupéry sa libro niyang *The Little Prince* (1943), *“The grown-ups’ response, this time was to advise to lay aside my drawings of boa constructors, whether from the inside or the outside, and devote myself instead to geography, history, arithmetic, and*

grammar. That is why, at the age of six, I gave up what might have been a magnificent career as a painter. I had been disheartened by the failure of my Drawing Number One and my Drawing Number Two. Grown-ups never understand anything by themselves, and it is tiresome for children to be always and forever explaining things to them (page 4)."

Ang punto kong ito'y makikita sa mga naging pagbasa ng mga kritiko

: *'...a lovely story...which covers a poetic, yearning philosophy- not the sort of fable that can be tacked down neatly at its four corners but rather reflections on what are real matters of consequence.'* - New York Times Book Review

Ang magandang pag-isipan dito ay bakit ito naisalin sa napakaraming wika sa mundo, at ito'y dahil sa taglay ng aklat ang kamusmusan at imahinasyong kayang kumiliti sa diwa.

Sa kaso ng proyektong ito, hindi man gaya ng mga nasa pedestal o yaon bang mga tinatawag na high chair poetry, ang lakas ng mga tulang nasa kalipunang ito'y ang birheng kamusmusan ng diwa at puso ng mga sumulat ng mga tula. Sabihin na nga nating ganito, pero nagtataglay pa rin naman ng talinghaga ang mga tulang nasa koleksiyong ito. Bakit? Naisip ba natin na ang hindi pagiging makinis ng isang tula ay isang anyo na rin ng talinghaga?

Ang pagtula ay hindi lamang paghabi ng mga salita. Nagiging tula ang tula kung ito'y nagtataglay ng talinghaga at matulaing-diwa. Kung ito ang aking hinahanap, kaya ba ito ng mga bata? Ang sagot ay oo. Hindi naman kasi eksklusibo ang pagtula. Tandaan natin na bata pa noon ay nagsulat na ng tula sina Chekov, Kafka, at Hesse - kumbaga'y hindi kakayanin maging ng higanteng si Tolstoy na tapatan si Gulliver at ang mga higante sa panitikang pambatang Jack and the Beanstalk. Sa madaling sabi, ang komplikado ay iyong simple.

Nais ko ring pasalamatan sina Propesor Ronnel Talusan ng Far Eastern University at Marites Rogado ng LIRA para sa paglalaan nila ng panahon na basahin ang aklat na ito. Wala akong ibang maibibigay na kapalit maliban ang taos-pusong pasasalamat.

Ayaw kong maging isang ganap na dakilang spoiler. Hahayaan ko kayong suriin ang mga akda. Pero isa na ring tagumpay ang pagkakalimbag ng proyektong ito sapagkat nadiskubre natin ang potensiyal ng mga batang mag-aaral ng Talipapa Elementary School. Ambag nila ito sa kanilang henerasyon at mula rito'y nakatitiyak akong hindi sila magkakautang sa nakaraan at kasaysayan ng kanilang bayan. Ang maganda, naihasik na nila ang butil ng pag-asa. Nasa atin na lamang kung paano aalagaan ang mga ito at nang sa darating na hinaharap ay aanihin ng buong Talipapa, ng buong bayan, ang bunga ng kanilang imahinasyon at pangangarap para sa isang mapayapa at masaganang Perlas ng Silangan ni Rizal. Sa kabilang dako, kapwa tugon ang aklat na ito sa kakulangan ng mga nalathalang panitikan sa rehiyon at pambansa. Susi raw ang panitikan ng mga marginalisado upang ang kawalan ng memorya ay maganap at nang matubos sa wakas ang kasawian ng isang bansang dumaan sa kamay ng mga kolonyalista- ang maganda, gaya nga ng nasabi ko na sa itaas, kalahok ang mga anak ng Talipapa sa pagtubos na ito.

Muli, isang malikhain at mapayapang pagbabasa. Alam kong pinakamahirap hintayin sa lahat ang pag-asa pero manalig at magtiwala nawa tayo sa mata ng ating kukote at pintig ng ating puso. At sa puntong ito, hindi na magiging isang panaginip ang lahat.

G. R.B. E. Abiva

Guro/ Institute of Teacher Education

Manuel V. Gallego Foundation Colleges



P.S.

“Ipinaalala ng batang si Ayel-
Sa kaniyang musmos na alaala-
Sa wasak na bayan ng Baler
Ang kagandahang higit sa talà.”

- sipi mula sa ating tulang *Sa Paanan ng Tore de Baler; Naalaala ko si Ayel (2023)*

Manana S. Tabara
VI- Jeremiah

A	B	C	D	E	F	G	H	I	J	K	L	M	N	O
P	Q	R	S	T	U	V	W	X	Y	Z				



FOREWORD

How do children see the world?

We were all children once and our childhood experiences vary depending on our family orientation, social status, dialects, linguistic communities, and diverse cultural backgrounds among others. But all of these boil down to one thing, innocence, and purity.

And so, to write something children's literature requires looking back and tracing the earliest consciousness to understand the world and people in it. A children's literature writer must transcend the innermost fragility of the human soul.

Literary writing designed for children reflects that enigmatic spirit that is pure, innocent, and pristine. Every word must intend to lift up their young mind and lofty heart. To read and comprehend something which is complex and complicated might hurt them emotionally and give them a wrong signal about life. Hence, children's book with its fragility requires, care, nourishment and nurturing.

For the children to be amused and entertained, life must be described as pleasurable and desirable. They must see the world beyond its deceiving characteristics, they must see the realities of life which emphasize life values and pure intentions. To weave dreams and contrast them with reality is beyond comprehension. Hence, they need to feel, with its breadth and width, from between and beyond the lines that they are being embraced by their loved ones, the community people, and the totality of society as well. In every corner of their humanity is a face of earnestness ready to assimilate knowledge and discoveries about life. Introducing them to the universal emotions which highlight love, happiness, joy, playfulness, selflessness, smiles and laughter, and carefree and high-spirited life with the ray of sun. All these that permeate their innocence are more than enough to define who they are.

Further, the children must feel the ever-infinite care, guidance, and protection of the sovereign God as reflected in their parents' lives, the benevolence and the generosity of their neighbors in the community, and the bursts of resonated laughter of their chums and friends near and far from their abodes.

Moreover, the children must feel the summer breeze as it touches their skin with lingering fondness. They can play, hop and jump in the puddles unmindful of the muddy ground, they may climb trees with precision not to fall from them, they can chase their tall shadows under the sun, they can whistle without melody and without shame, and even finds beauty when they being insulted by their playmates. They can do almost everything with an unsaturated passion that gives them astounding pleasure.

In the real world, children might be portrayed as vulnerable, susceptible, and hopeless. But this book will show in contrast with their fragility- they show strength, sturdiness, and agility. They are the reasons why their loved ones are inspired, facing life to the fullest, motivating them to go on, and facing the world with courage. Hence this book shall be an illumination of a portion of humankind experiencing life that is magnified and totally whole.

In this book, the readers will see the wonders and awesome world of the children with all of its simplicity and modesty. The thirst for self-introspection will be felt by asking for more as wonderful memories about being children will be unfolded. The pristine pleasure of children will permeate into the readers' soul even into the hardened hearts to consummate themselves into the world of the young and the little ones!

The various literary genres which will unravel the children's idiosyncrasies will come alive effortlessly as the energy of the words will dance with the human spirit. Certainly, the children's emotionality will align with the universality of pureness and flawlessness that secures the soft spot in the heart of even the most disheartened and miserable being in this world called life!

It is my prayer that this tiny children's book shall cause an immensity of change to the readers. A literary gem with the contributions of various writers with different orientations, perspectives, and aspirations shall guide us to achieve that ultimate goal of pleasurable reading where the children are the lead characters. This precious literary anthology of poems and short stories shall inspire and ignite the spirit to conquer the consciousness of whoever will read it. To impart this ultimate goal is to share the wisdom of God through stewardship- using the God-given talents to cause change to the unmindful and malevolent. With the candid presentation of children's pure, innocent, and modest life experiences from this literary material, the readers will be awed and euphoric. Be inspired.

Dr. Ruth C. Alfonso

Dean, Institute of Teacher Education

Manuel V. Gallego Foundation Colleges

Samantha - Faith V. Reyes Grade 4 Genesis



NILALAMAN

KOMENTO AT PAGSUSURI NG MGA PATNUGOT/	7
PAGBATI AT MENSAHE /	9
INTRODUKSIYON/	13
MGA TULA	
PAG-ABOT NG PANGARAP/ <i>ni Briana S. Tabora</i>	21
DAHILAN NG PAGPUPUYAT/ <i>ni Mary Luna T. De Guzman</i>	21
KALUSUGAN AY KAYAMANAN/ <i>ni Lance Andrei DC. Legado</i>	21
ANG AKING ALAGANG ASO/ <i>ni Eurie Jhane D.S. Garcia</i>	22
ANG KAPALIGIRAN/ <i>ni Samantha Faith V. Reyes</i>	22
HALAGA NG PAMILYA/ <i>ni Princess Elize B. Sunio</i>	22
ANG PO AT OPO/ <i>ni Cyrex S. Dela Cruz</i>	23
KALIKASAN/ <i>ni Clowie Dain B. Relucio</i>	23
PARAISO/ <i>ni Ethan Dyezel C. Maple</i>	23

ANG KAMATIS/ <i>ni Precious Love R. Salvador</i>	23
KALIKASAN, ATING YAMAN/ <i>ni Amethyst Amber B. Eslaya</i>	24
DAKILANG GURO/ <i>ni Zia Khryzzamae DC Legaspi</i>	24
AKO AY BATA/ <i>ni Ivy Clarise G. Tique</i>	25
ANAK/ <i>ni Denella Denise Calderon</i>	25
SAPATOS/ <i>ni Allen Francisco</i>	26
LOBO/ <i>Danielle Angelo Sarte</i>	26
SINA LOLO AT LOLA/ <i>ni Jhaemine C. Domingo</i>	26
ULAN/ <i>ni Johnwell Español</i>	27
TALA/ <i>ni Izirri Shantei Andres</i>	27
BAYANIHAN/ <i>ni Ma. Victoria R. Victa, RSW</i>	28
WIKA/ <i>ni Ronalyn M. Cruz</i>	29

PAMILYA/ <i>ni Donnalen V. Macasero</i>	29
HIMIG NG PAGLISAN/ <i>ni Shenalyn Pascual</i>	30
INTEGRIDAD/ <i>ni Jhoar DC Gonzales</i>	30
ANG JUAN NG KASALUKUYAN/ <i>ni Jennelyn Dionisio</i>	31
BATANG MUNTI/ <i>ni Rhea Mae Tayao</i>	32
LABINTATLONG HAIKU/ <i>ni Dr. Ruth C. Alfonso</i>	32
ANG KRAYOLA/ <i>ni Nikol Reyes Bernardino</i>	34
ANG MGA KONTRIBYUTOR/	36
HINGGIL SA PUNONG- PATNUGOT/	39
ESPESYAL NA PASASALAMAT/	41

"The task of modern literature seems to me to be the description of a life, a society, a group of people, as the undistorted reflection of the life we lead."

- Theodore Fontane (1819-1898)

" Ang tungkulin ng modernong panitikan para sa akin ay naglalarawan ng buhay, ng lipunan, ng grupo ng mga tao, bilang isang buong repleksiyon ng ating buhay."

- R.B. Abiva (malayang salin, 2023)

PAG-ABOT NG PANGARAP

ni Briana S. Tabora

Ako ay isang estudyante
Na may pangarap kaya't anong pagsisikap
At araw-araw kung pumasok
Kahit pa maraming pagsubok.

Kaya't magsisikap akong lubos
Kahit lakas ko ay maubos;
Mananatili akong matatag
Kahit ulam namin ay di masarap
Maging sa kabilang bahay, ito ay nalalanghap.

DAHILAN NG PAGPUPUYAT

ni Mary Luna T. De Guzman

Telepono, telepono
Napakaraming masamang epekto
Tulad na lamang ng di pagkain
Bakit? Sapagkat ang iyong utak
Ay tahimik niyang kinakain.

KALUSUGAN AY KAYAMANAN

ni Lance Andrei DC. Legado

Mahalagang ingatan ang kalusugan
Upang sakit ay maiwasan-
Paghuhugas ng kamay, ugaliing tunay,
Upang mikrobyo ay tuluyang mamatay.

ANG AKING ALAGANG ASO

ni Eurie Jhane D.S. Garcia

Ang aking aso ay sobrang maamo
At likas na mahilig makipaglaro-
May dala siyang tuwa at saya
Kaya naman lagi kaming magkasama,
Nariyan siya kahit saan ako magpunta
Katapatan ang kaniyang ipinadarama.

ANG KAPALIGIRAN

ni Samantha Faith V. Reyes

Nilikha ng Diyos ang mundo
Kasama ang tao,
Hayop, halaman, at puno.
Ito ang una nating tahanan
Na iisa ang kasiyahan:
Ito ang unang paraiso.

HALAGA NG PAMILYA

ni Princess Elize B. Sunio

Mula sa pagkabata hanggang sa pagtanda
Nariyan sila nang may pagkalinga,
Ang ipinunlang pag-aaruga
Aanihing parang binhing masagana.

ANG PO AT OPO

ni Cyrex S. Dela Cruz

Ibinilin sa akin
 Ng aking ama at ina
 Na gamitin sa nakakatanda
 At nang sa aking pagtanda
 Akin ding anihin ang aking ipinunla.

KALIKASAN

ni Clowie Dain B. Relucio

Ang kalikasan ay isang kayamanan.
 Kaya, halina't ating alagaan
 At sama-samang iwasan
 Ang pagsira sa kanya't hang ang kahulugan
 Ng pagiging tao ay maisakatuparan.

PARAISO


ni Ethan Dyezel C. Maple

Tao, tao
 Hanggang kailan ka matuto
 Na ako, ang paraiso,
 Ay bahagi ng iyong puso?

ANG KAMATIS

ni Precious Love R. Salvador

Matamis ang kamatis
 Na tanim ni Mang Solis.
 Malalaki at makikinis,
 Di pa nakakagalis.
 Kutis mo pa'y kikinis



KALIKASAN, ATING YAMAN

ni Amethyst Amber B. Eslaya

Tignan mo ang kagubatan
Sari-saring buhay ay matatagpuan,
Sinag ng araw ay walang kasingkinang,
Himig ng hangin ay katahimikan.

Tila dambuhalang hardin
Sagana sa ibat-ibang pananim,
Mga bulaklak saan ka man tumingin,
Kaginhawaan ang siyang inihahain.

Kaya't pagbabago ay di makakamtan
Kung kalikasan ay mapapabayaang
Pagkat ito ang buhay ng ating katawan
At kapag nasirang tuluya'y tayo rin ang mawawalan.

DAKILANG GURO

ni Zia Khryzzamae DC Legaspi

Mga magulang ang unang dakilang guro
Mula musmos hanggang sa tayo ay nakakatayo,
Kayat pasalamatang nang mula sa puso
Pagkat hinubog nila tayong maging tao.

AKO AY BATA

ni Ivy Clarise G. Tique

Ako ay bata.

Hindi matanda.

Madalas umiyak.

Ako ay bata.

Di ko naiintindihan ang mundo.

Bawal akong bumoto.

Walang boses

At di abot ang tainga ng batas.

Ako ay bata.

Walang kapangyarihan.

Di ko kayang imaneho ang sarili

Sa paaralan

O magbayad ng pagkain sa kainan.

Ngunit kahit ako'y bata

Hawak ko ang pagbabago

Ng aking henerasyon at mundo

Dahil hindi lamang kami

Isang bata

Na inyong inaakala.

ANAK

ni Denella Denise Calderon

Ako ay isang anak

Masunuring uri ng anak.

Utos ni Inay, aking susundin

Bilin ni Itay, di susuwayin.

Pangako sa kanila, aking tutuparin

Pangarap man o simpleng tagubilin.

SAPATOS

ni Allen Francisco

Ako ay sapatos
Proteksiyon ay sigurado
Kapag ako ay sinuot.
Bawat pagtapak, dama mo ang lambot.
Kasangga mo nga ako
Maging sa pagtakbo
Kahit daa'y mabato.
Ngunit minsan, ako'y bumuka
At biglang nanganin
Ang aking takong.

LOBO

ni Danielle Angelo Sarte

Ako ay may lobo
Malaki at kulay pula ito.
Binili ng aking apo
Noong ako ay di makaupo
Sa aking upuang bangko.
Lumipad ang aking pulang lobo
Sa langit hanggang sa di ko makita
Aba'y nasa likod lamang pala
Ang lobo kong pula.

Cyrex S. Dela Cruz, Grade 4

SINA LOLO AT LOLA

ni Jhaemine C. Domingo

Sila ang aking Lolo at Lola
Sa pagtanda, sila ang kasama.
Gusto ko'y kanilang binibigay
Minsan, ako'y pasaway
Ngunit mahal pa rin nila ako
At mahal ko rin sila.
Maraming salamat
Mahal kong Lolo at Lola.

ULAN

ni Johnwell Español

Ako si Ulan
Bumubuhos sa bubungan
Iyong palarua'y iiwan
Sa tuwing ako'y daraan.
Patawad kalaro ko,
Ako muna ay mang-iistorbo
Ang sabihin ko ay paniwalaan mo
Maya-maya, ako rin ay magtatago.

TALA

ni Izirri Shantei Andres

Sa gabing payapa, ako ay tanglaw
Kaibigang alitaptap ko'y nag-iilaw.
Ganito kami sa dilim: masaya,
Maging sa inyong panaginip, kami'y kasama.

BAYANIHAN


ni Ma. Victoria R. Victa, RSW

Ang pakikipagtulungan sa pamayanan ng Barangay Talipapa
Ay sumagi sa aking balintataw at ang alaala
Na bakit sa dami ng barangay sa Lungsod ng Cabanatuan
Bakit kaya ito ang napili ng aming paaralan?
Subalit anuman ang dahilan, isa lang ang katiyakan,
Pinahintulutan ito upang ipakita ang kanyang kadakilaan.
At sa loob ng ilang panahong pagtutulungan,
Maraming pagsasanay, proyekto ang kanilang naranasan:
Mga pinuno, magulang, mag-aaral,
At iba pang miyembro ng pamayanan
Ay nakinabang sa kanilang pakikiisa.
Nagkaroon nga ng kaluguran
Maging ang mga mag aaral, guro ng MVGFC,
At ibang mga may kinalaman.
Kaya't ang ibinunga, pag-unlad ng kaalaman at pagtaas ng antas
Ng pakikipagtulungan. Patuloy pang nakakamit at nililinang!
Lahat ng ito'y aking lubos na ipinagpapasalamat
Sa pagtawag sa akin ng ating Lumikha
Bilang Manggawang Panglipunan.



WIKA

ni Ronalyn M. Cruz



Nang mata ko ay namulat
At natuto sa pagsulat,
Aking lubos na ikinagulat
Ang wika sa larangan ng pag-uulat.
Wikang kinamulatan,
Aking unang natutuhan
Sa aloob ng aming tahanan
Mula sa aking magulang.
At dahil nais kong matuto
Ng iba't ibang dayalekto,
Aking pinalawak nang husto
Ang kasanayan at pagkatuto.
Hanggang sa diwa'y nagising
Sa maraming hinaing
Na mins'a'y ipinagkait sa atin
Ang wikang dapat ay pagyamanin.

PAMILYA

ni Donnalén V. Macasero



Nasa likod, gumagabay,
Sa problema'y kaagapay.
Anumang oras, nariyan
Hindi ka papabayaan.



HIMIG NG PAGLISAN

ni Shenalyn Pascual



Aking batid na nag-iba
Damdamin sa isa't isa,
Dahil nang tayo'y nagtagpo
Ay siya namang paglayo.



INTEGRIDAD

ni Jhoar DC Gonzales



Sa modernong panahon
Marami pa ring hamon:
Pagpapahalaga sa tama
Ay pinipilit ibaon
Hanggang sa ito'y kalimutan
Gaya nang sa kahapon.

N Genesis

Myel M. Garcia

ANG JUAN NG KASALUKUYAN

ni Jennelyn Dionisio

Mahirap nang maunawaan
Ang panahon ngayon ng mga kabataan,
Kaliwa at kanang salitaan,
May masama at di na tamang balagtas.

Ano nga ba Juan
Pigura mo ay tila hubad na sa katotohanan
Kaya ba hinahayaan mo na lamang na magdusa ang mamamayan?

Gising na Juan, aking kaibigan,
Tinig at boses mo ay ipaglaban
Kailangan ka ng bayan at ng iyong sambayanan.

Tumayo ka Juan, tumayo ka!
Umpisahan mo na ang pakikibaka
Pagkat di natin alam kung may bukas
Ang hinaharap ng minamahal mong bansa.

Maging instrumento ka ng pagbabago
At huwag mag-isip na parang diablo,
Marami ang umaasa sa utak at talento mo
Kaya ito nawa ay gamitin mo!

Tatagan mo Juan
Ang nangyayari ay di pa ang huling laban,
Kaya ideya at prinsipyo ay higpitan
Kahit mahirap ang makipagsabayan,

Alam ko na kaya mo iyan
Aking Juan!

BATANG MUNTI

ni Rhea Mae Tayao

Isang batang munti
Pangarap niya ay sari-sari
Pagmamahal sa kanyang magulang,
Ay ginagawa palagi.

Munting bata, sa iyong paglaki
Nawa'y matutuhan mo ang wastong pag-uugali
Upang makamtan mo ang mga pangarap
Na iyong minimithi.

LABINTATLONG HAIKU

ni Dr. Ruth C. Alfonso

Tag-araw


Tuyong dayami
Malutong at mayumi-
Araw ng galak

Hikab

Patang katawan
Humimlay kapagdaka-
Hingang dalisay

Nanay


Titig at payo
Umukit sa isipan
Magpasakop ka



Himpil

Bumalik ka na
Tapusin at humpayan
Bumangon sa katuwiran

Langgam




Bulag ka nga ba
Natuto ako sa 'yo
Na may saysay ka

Tsinelas




Sa'n ka pupunta
Kapares na nawala
Ay, direksyong gala!

Singhal



Nakakabingi
Pahiwatig na dala
Baka mali ka

Sinulid





Hiblang makitid
Likhang kanais nais
Sulit na sulit.

Bundok



Tulis at kalbo
Hinagpis ng bayan ko
May pag-asa pa.





Palengke

Hugis na kahon
Bilihing nanghikayat
Ubos biyaya.

Bahay


Bubong at dingding
Pundasyon na giniliw
Ito'y pag-ibig.

Tampisaw

Tubig sa kanal
Laruang libre't payak
Walang kapantay.

Damo

Tila masukal
Halagang kaakibat-
Kaginhawaan.



ANG KRAYOLA

ni Nikol Reyes Bernardino

Kay gandang pagmasdan ang mga kulay sa daan;
berde, puti't bughaw ang makikita sa kaparangan,
pula naman at dilaw ang mababanaag sa pamayanan.

Mga gawain sa eskwela ay tunay na napapaganda,
aming mga asignatura ay nagiging kamangha-mangha;
tunay na nabibigyan ng buhay ang bawat obra,
mapasining man o dingding tiyak na magiging magara.

Krayola ay ating gamitin sa ating mga likha,
gawin nating makulay mundong sa atiy ipinagkatiwala;
sining ng buhay ay pintahan ng magagandang halimbawa,
buhay ay magiging makabuluhan sa paggamit ng krayola.

ANG MGA KONTRIBYUTOR

*Si **Briana S. Tabora** ay kasalukuyang nasa Grade VI- Jeremiah Pangarap niyang maging isang abogado sa hinaharap.*

*Si **Mary Luna T. De Guzman** ay kasalukuyang nasa Grade V- Galatians. Inaasam niyang maging isang Flight Attendant balang araw.*

*Si **Lance Andrei DC. Legado** ay kasalukuyang nasa Grade V- Galatians. Gaya ng ibang bata, nais niyang maging doktor para gamutin ang mga may sakit.*

*Si **Eurie Jhane D.S. Garcia** ay kasalukuyang nasa Grade IV- Genesis at gaya ni Lance, nais din niyang maging isang doktor.*

*Si **Samantha Faith V. Reyes** ay kasalukuyang nasa Grade IV- Genesis. Pangarap niyang maging isang nars sa hinaharap.*

*Si **Princess Elize B. Sunio** ay kasalukuyang nasa Grade IV- Genesis. Balanga raw ay gusto niyang maging isang guro.*

*Si **Cyrex S. Dela Cruz** ay nangangarap maging doktor sa hinaharap. Kasalukuyan siyang nasa Grade IV- Genesis.*

*Pangarap maging nars ni **Clowie Dain B. Relucio**. Sa ngayon ay nasa Grade VI- Jeremiah siya.*

*Si **Ethan Dyezel C. Maple** ay nangangarap maging isang sundalo. Nasa Grade IV- Genesis siya sa kasalukuyan.*

*Si **Precious Love R. Salvador** ay nasa Grade IV- Corinthians sa kasalukuyan. Pangarap niyang maging isang guro balang araw.*

*Maging isang guro ang pangarap ni **Amethyst Amber B. Eslaya**. Sa kasalukuyan ay nasa Grade IV- Genesis siya.*

*Si **Zia Khryzzamae DC Legaspi** ay nagnanais maging guro sa hinaharap. Nasa Grade III- Philipians siya sa kasalukuyan.*

*Maging isang astronaut ang pangarap ni **Ivy Clarise G. Tique**. Nasa Grade VI- Jeremiah na siya kasalukuyan.*

*Si **Denella Denise C. Calderon** ay kasalukuyang nasa ika-12 baitang MVGFC High School Department. Pangarap niyang maging isang matagumpay na negosyante balang araw. Sa ngayon ay pinaghahandaan niya ang pagkuha ng kursong Business Administration.*

*Si **Allen S. Francisco** ay nasa ika-11 baitang MVGFC High School Department. Plano niyang kunin ang kursong Computer Science and Engineering at nang sa gayon ay maging isa siyang matagumpay na software developer and programmer sa hinaharap.*

*Si **Danielle Angelo Sarte** ay nasa ika-11 baitang MVGFC High School Department. Plano niyang maging isang inhinyero.*

*Si **Jhaemine C. Domingo** ay nasa ika-9 na baitang MVGFC High School Department. Nais niyang maging isang mahusay na chef balang araw.*

*Si **Johnwell Español** ay isang lisensiyadong guro at nagtuturo sa Departamento ng High School ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges. Nagtapos siya ng kursong edukasyon sa Nueva Ecija University of Science and Technology (NEUST).*

*Si **Izziri Shantei Andres** ay kasalukuyang nasa ika-11 na baitang ng MVGFC High School Department. Nais niyang maging isang doktor balang araw. Siya rin ay sumusulat ng tula sa wikang Ingles.*

*Si **Ma. Victoria R. Victa, RSW** ay dating empleyado ng Department of Social Welfare and Development (DSWD- Region 3) bago pumasok sa larangan ng pagtuturo. Nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Social Work sa Wesleyan University Philippines (WUP). Ginawaran na rin siya ng pagkilala ng Lungsod ng Cabanatuan bilang Outstanding Woman of Cabanatuan. Sa ngayon, siya ang tumatayong OIC ng Office of the Community Extension and Outreach Program ng MVGFC.*

*Si **Ronalyn M. Cruz** ay kasalukuyang nasa ikatlong taon ng kursong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges. Nakatira siya sa Brgy. D.S. Garcia, Cabanatuan City, Nueva Ecija.*

*Taga- San Josef Norte, Cabanatuan City, Nueva Ecija si **Donnalyn V. Macasero**. Kasalukuyang nasa ikatlong taon ng kursong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges.*

*Kasalukuyang nasa ikatlong taon ng kursong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges si **Shenalyn Pascual Masaiya** siyang naninirahan sa San Felipe (Matanda), Aliaga, Nueva Ecija.*

*Isang lisensiyadong guro si **Jhoar DC Gonzales**. Sa ngayon ay isa siyang guro sa Institute of Teacher Education ng MVGFC. Nagtapos siya ng kursong Bachelor of Science in Education Major in Values Education sa Wesleyan University Philippines.*

*Si **Jennelyn Dionisio** nagtapos bilang Dean's Lister sa Bachelor of Secondary Education na may pokus sa General Science sa Nueva Ecija University of Science and Technology. Naging panlaban sa mga oratoryo, paligsahang pandistrito, valedictorian noong elementarya, at pangulo ng Samahan sa Agham sa Sekundarya. Kasalukuyan siyang namamahaling tagapamagitan sa Junior High School ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges, Inc. kung saan siya nagtuturo na ng 12 taon.*

*Si **Rhea Mae Tayao** ay kasalukuyang nasa ikatlong taon ng kaniyang pag-aaral sa ilalim ng kursong BSED- English. Masay siyang nakatira sa Villa Benita, Cabanatuan City.*

*Si **Dr. Ruth C. Alfonso** ay kasalukuyang dekana ng Institute of Teacher Education ng MVGFC. Naging patnugot at kontribyutor na rin sa di mabilang na textbook. Nagtapos siya ng sa Central Luzon State University ng kursong Bachelor of Secondary Education, Major in English, Master of English Language and Literature sa Jeonju University, South Korea, at Doctor of Education sa Wesleyan University Philippines. Nitong taon ay hinirang ng Local Womens Council ng Siyudad ng Cabanatuan bilang Outstanding Woman of Cabanatuan City in the Field of Private Education.*

*Nagtapos ng kursong BSIT si **Nikol Reyes Bernardino** sa Nueva Ecija University of Science and Technology. Kumuha at nagtapos din siya ng programang Professional Teaching Certification sa University of the Philippines- Open University, Los Baños, Laguna. Sa kasalukuyan ay kaniyang tinatapos ang Master of Distance Education sa parehong unibersidad.*

HINGGIL SA MGA PUNONG- PATNUGOT

Guro ng Agham Panlipunan at Panitikan sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC) si R.B. ABIVA. Awtor ng labintatlong (13) libro ng mga tula, maikling kuwento, dagli, at nobela. Kritiko, editor, iskultor, pintor, mamamahayag, tagasalin, multi-lingual, premyadong makata, rehistradong manunulat/ awtor sa National Book Development Board of the Philippines (NBDB), at nagsilbing external reviewer sa hindi na mabilang na literary journal sa loob at labas ng bansa. Hindi na mabilang ang nalathalang mga akdang pampanitikan sa Diliman Review, TLDTD (New York), Loch Raven Review (Great Britain), Liwayway, Bannawag, Agos, Agwat- Hilom (National Commission for Culture and the Arts), at marami pang iba. Nagtapos ng kolehiyo sa PUP at naging DOST- CARAGA Scholar kung saan sampung (10) International Diploma mula sa Mexico, Israel, Amerika, Pransiya, Denmark, Rusya, United Kingdom, at Hapon ang kaniyang matagumpay na natapos. Nasa huling yugto na siya sa kanyang MA- Malikhaing Pagsulat sa Paaralang Gradwado ng Kolehiyo ng Arte at Literatura sa Unibersidad ng Pilipinas- Diliman na may GWA na 1.16 (39 units). Tumanggap ng abanteng pagsasanay sa Malikhaing Pagsulat mula sa mga sumusunod: Palihang Rogelio Sicat, UP Diliman-2018; Cordillera Creative Writers Workshop, UP Baguio- 2018; Jeremias A. Calixto Ilokano Writers Workshop, Don Mariano Marcos State University- 2019; UP National Writers Workshop, UP Diliman-2019; Palihang Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo, 2021; at Luntiang Palihan, De La Salle University- 2022. Hinirang ng GUMIL- Filipinas, Bannawag Magazine, at NCCA bilang Pasnaan 9 Outstanding Fellow. Nakasungkit na rin ng karangalan mula sa loob at labas ng bansa gaya ng Saniata Prize for Ilokano Literature, LIRA Prize, GUMIL-Oahu, Hawaii Prize for Ilokano Literature, British Embassy Readers' Choice Award, at marami pang iba.

Siya ang kauna-unahang ginawaran ng dalawang gintong medalya nang magkasabay (Distinguished Service Medal Award at Medal of Recognition Award) ng Order of the Knights of Rizal (OKOR) ng Pinakamataas na Konseho ng kapatirang maka-Rizal dahil sa kanyang aktibong pagtataguyod ng panitikan at kasaysayan sa lalawigan ng Nueva Ecija. Siya ang nagtatag ng Samahang Lazaro Francisco (SLF) at aktibong kasapi ng PEN International, LIRA, Kataga, Gumil- Filipinas, Order of the Knights of Rizal, at Nueva Ecija Odd Fellows Lodge No. 38. Makikita ang kaniyang mga libro sa Oxford Bookshop (Great Britain), Barnes and Noble Bookshop (Singapore), Mt. Cloud (Baguio City), National Bookstore (Philippines), Ukiyoto (Canada at India), at UP Bookshop. Naimbitahan na ring magbigay ng lektura hinggil sa Translation Studies at Third World Literature sa University of Australia, University of Hawaii, at Carlos Bulosan Studies Center sa California, USA. Sa ngayon ay kaniyang tinatapos ang kaniyang pagsasalin sa mga piling tula ng makatang Ruso na tumanggap ng Nobel Prize for Literature (1958) na si Boris Pasternak, na kung papalaring malathala ay siyang kauna-unahang salin sa wikang Filipino mula sa wikang Ruso at Ingles. Nominado siya sa kauna-unahang Gawad Takos sa Panitikan ng Nueva Ecija University of Science and Technology.

ESPESYAL NA PASASALAMAT

Hindi maisasakatuparan ang proyektong ito kung wala ang suporta mula sa pamunuan ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC) sa pangunguna ni Dr. Joseph L. Gallego, Estenily M. Peralta, Rosalyn B. Bilog, RN, MAN, Arlyn Pahuriray, Jeff Domingo, Dr. Federico Perez, Dr. Soledad Roguel, Dr. Gienette D. Medina, Maria Victoria Victa, RSW, Rachelle P. Musngi, MSED, Maricris Malamug, MAED, Erminda SJ Esteban, Ma. Jannine Pajaron, Jeffrey Ortiz, Desiree Padilla, Aida T. Angeles, MA, at Dr. Josefina Aranel. Gayundin sa mga nangangasiwa sa Mababang Paaralan ng Talipapa sa pamununo ni Dr. Haron Dave Antonio, Revelyn Parica Chua, MAED-EM, Racquel Diaz Samson, MA- Psychology, at lahat ng mga kaguruan nito. Sa opisina rin ni Mayora Myca Vergara, Bise Mayor PO Jay Vergara, ng Local Tourism Council sa ilalim ng pamumuno ni Dr. Jean Cruz, at lahat ng lingkod-bayan ng Siyudad ng Cabanatuan na patuloy na nagmamahal sa kultura, sining, at panitikan.

At siyempre, sa mga may mabubuting-loob na naghandog ng kanilang biyaya para sa buong produksiyon ng librong ito na sina Bro. Efraim S. Vidal (Worshipful Master, Cabanatuan City Masonic Lodge No. 53), Sir Danny V. Sumalabe, KCR (Former Area Commander for Middle East and African Region, Order of the Knights of Rizal), sa mga Kabalyero ng Order of the Knights of Rizal- Cabanatuan City, Bro. Francis Joshue Omega C. De Guzman (Past Noble Grand, Nueva Ecija Odd Fellows Lodge No. 38), Bro. Rodrigo R. Menorca, III (Noble Grand, Nueva Ecija Odd Fellows Lodge No. 38), Bro. Enrico Ernesto Jamora (Noble Grand, Kafagway Lodge No. 26), Knights of Phythias, at sa Komite sa Publikasyon ng Samahang Lazaro Francisco (SLF) para sa pagwawasto sa ortograpiya at gramatika.

Muli, maraming salamat at mabuhay po kayong lahat!